

# MUSIKA
## Ikalimang Baitang
## Modyul 7

# PAGBUO NG MGA HULWARANG RITMO




## ALAMIN MO

Ang mga hulwarang ritmo ay binubuo ng mga maiikli at mahahabang tunog. Iba't-ibang uri ng nota at pahinga ang ginagamit sa pagbuo ng mga hulwaran.


Sa modyul na ito, malalaman mo ang pagbuo ng mga hulwarang ritmo sa palakumpasang $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$.

Halimbawa:




Sa pagbuo ng mga hulwaran, makatutulong ang kaalaman mo sa iba't-ibang uri ng nota at pahinga, at ang halaga ng bawa't isa.

Ang pagkilala sa iba't-ibang palakumpasan ay mahalaga din dahil nakabatay dito ang bilang ng kumpas sa bawa't sukat.







## PAGBALIK-ARALAN MO

Sa palakumpasang $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$, ano ang halaga ng mga sumusunod na nota at pahinga?

Iguhit mo sa iyong papel ang mga nota at pahingang sumusunod at isulat ang halaga o bilang ng kumpas.

1.  ________
2.  ________
3.  ________
4.  ________
5.  ________
6.  ________
7.  ________
8.  ________

Naiguhit mo ba nang maayos ang mga nota at pahinga?
Naisulat mo ba ang tamang halaga ng bawa't isa?




## PAG-ARALAN MO

Narito ang notasyon ng "Pen Pen de Sarapen"

### Pen Pen de Sarapen



Awitin mo ito habang sinasabayan ng pagpalakpak ng ritmo.

1. Suriin mo ang notasyon.
   Ano ang palakumpasan nito?
   Anong ibig sabihin ng palakumpasang $\frac{2}{4}$ ?

   Natutuhan mo na ang pagbilang ng kumpas ng iba't ibang uri ng nota at pahinga.

2. Narito ang hulwarang ritmo ng unang parirala ng "Pen Pen de Sarapen".




   Bilangin mo ang kumpas. Sundan mo ang halimbawa sa unang sukat. Ituloy mo.
   Ilan ang kumpas sa bawa't sukat?

3. Narito naman ang hulwarang ritmo ng ikalawang parirala




   Bilangin din ang kumpas na bumubuo sa unang sukat. Ituloy mo ang pagbilang sa iba pang sukat.







## SUBUKIN MO

1. Subukin mong bumuo ng iba pang hulwaran sa **palakumpasang $\frac{2}{4}$**. Gumamit ka ng iba't ibang uri ng nota at pahinga.


   Kopyahin mo sa iyong papel ang mga sumusunod na hulwaran at isulat mo ang nawawalang pahinga ( 𝄽 , 𝄾 )



   Isulat mo naman ang nawawalang nota ( ♪ , ♩ , 𝅗𝅥 )





2. Narito ang isang halimbawa ng hulwaran sa **palakumpasang $\frac{3}{4}$**. Basahin mo at isipin ang bilang ng mga kumpas na napapaloob sa bawa't sukat.




   Buuin mo ang mga sumusunod na hulwaran.

   a. Kopyahin mo sa iyong papel at isulat sa patlang ang nawawalang nota.








b. Isulat sa patlang ang nawawalag pahinga.




3. Ang hulwarang ito ay nasa **palakumpasang** $\frac{4}{4}$. Bilangin mo ang kumpas ng bawa't sukat.




Subukin mong buuin ang mga sumusunod na hulwaran.

a. Kopyahin mo sa iyong papel at isulat sa patlang ang nawawalang nota.



b. Isulat mo ang nawawalang pahinga.








## PAGTATAYA

A. Mabubuo mo ba ang mga sumusunod na hulwarang ritmo? Kopyahin mo sa iyong papel at iguhit mo ang sagot sa bawa't patlang.


1. Iguhit ng nawawalang nota sa patlang sa bawat sukat.








2. Lagyan ng nawawalang pahinga ang bawa't sukat.




B. Lumikha ka ng sarili mong hulwarang ritmo sa **palakumpasang** $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$. Isulat mo sa iyong papel. Lagyan ng bilang ng kumpas ang bawat sukat.

Halimbawa:




Ipalakpak ang nagawa mong hulwaran sa iba't ibang palakumpasan. Nakabuo ka ba ng mga ritmong hulwaran sa iba ibang palakumpasan?



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.